# ANG IKA-19 NA LIHAM NG OBISPO UKOL SA MGA GAWAING PAGPIGIL SA IMPEKSIYON NG COVID 19

Ang Kagalang-galang Reberendo Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Agusto 3, 2021

**<u>Re: Ang tugon sa "Emergency Measures"</u>**
**<u>na muling inisyu ng Gobiyerno sa</u>**
**<u>Tokyo Metropololitan area kasama ang prepektura ng Saitama, Chiba, Kanagawa</u>**

Ang mga Emergency Measures ay muling inisyu ng Gobiyerno. Sa ngayon tayo ay naharap sa bagong mga yugto ng pagkalat ng Covid 19 impeksiyon na may bagong variant. Bagama't ang mga bakuna sa mga matatanda ay umuusad, wala pa rin tayong makitang mapagpasyang tanda para sa pagtigil ng pagkalat ng impeksiyon sa virus. Tayo, samakatuwid, ay inaasahang gumawa sa patuloy na pag-iingat upang mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon sa virus.

Magpahanggang ngayon, sa panahon ng State of Emergency, tayo sa Diyosesis ng Saitama, ay sinunod ang "Patnubay upang Mapigilan ang Impeksiyon ng Covid 19" ng Catholic Bishops Conference of Japan, na inisyu noong Nobiyembre 11, 2020, na makikita ninyo sa aking ika-15 na Liham.

Subalit, simula ng nagkapandemiya at nagkaimpeksiyon sa Covid 19, tayo ay sa kabutihang palad ay marami tayong natutunan kung paano ipagtanggol ang ating buhay laban sa virus sa loob ng pandemiya sa pagsisikap at pag-aaral ng mga eksperto.

Samakatuwid, sa panahon na ito na may mga Emergency Measures, kayo ay hinihiling na sundin ang binagong mga gawain para sa pagdiriwang ng mga misa kasama ang kongregasiyon na ipinahayag sa ibaba:

1. Ang mga misa sa kongregasiyon sa Linggo ay suspendido hanggang ang "The Emergency Measures" ay tinanggal. Ito ay inilapat sa mga parokya hindi lang sa Saitama prefecture, kundi kasama ang mga prefectures ng Tochigi, Gunma at Ibaraki kahit ang Emergency Measures ay hindi inisyu sa kanila. Sa mga sinabi sa itaas, ang lahat ng mga mananampalataya sa Diyosesis ng Saitama ay dinispensa sa kanilang obigasyon sa pagsimba sa mga Misa sa Linggo.
2. Subalit, ang situwasyon sa pagkalat ng impeksiyon sa virus ay magkaiba sa mga parokya. Samakatuwid, kung nais ninyo na ipagpatuloy ang pagdiriwang ng mga misa sa Linggo kasama ang kongregasyon, humingi kayo ng pahintulot sa Obispo pagkatapos ng maingat na konsiderasyon ng inyong Kura Paroko kasama ang kongregasyon.
3. Tungkol naman sa weekday na mga misa, papayagan kayo na magdiwang kasama ang kongregasyon sa pamamagitan ng istrektong pagsunod sa mga gawaing pag-iingat.

P.S. Para sa mga gawaing pag-iingat sa paglilibing at kasal ay kagaya pa rin ng dati.

Kung sakaling mahirapan kayo, huwag mag-atubiling kumonsulta sa Obispo.